

(Homily of ✠Ruperto Cruz Santos, Bishop of Balanga for the patronal feast of
St. Joseph the Worker in Cabcaben, Mariveles on May 01)

"...huwag matakot na tanggapin..." (Mateo 1,20)

Mga minamahal kong mga kapatid kay Kristo, maraming salamat po sa inyong pagdating. Maraming salamat po sa inyong pakikiisa sa ating Santa Misa. Batiin po natin ang ating mga katabi ng isang mapagpalang kapistahan ng ating mahal na patron na si San Jose. Sabihin din po natin sa kanila "*maraming salamat sa inyong pagdalo at sasainyo ang pagpapala ng atin Panginoong Diyos.*" Purihin po ang Panginoong Diyos!

Mga kapatid naitanong nyo na ba sa inyong mga sarili: ako ba ay natatakot? At ano naman ang aking kinatatakutan?

Natural na tayo ay natatakot. At mayroon din tayong kinatatakutan. Subalit dapat ba tayong matakot? Natatakot tayo na mawala o mawalan, di po ba? Natatakot tayo na layuan o sa ating buhay ay may lumisan. Natatakot tayo na hindi natin makaya ang mga tungkulin, o hindi maabot ang ating mga pangarap o hindi natin marating ang dapat natin puntahan.

Ano ang inyong kinatatakutan sa inyong buhay?

Ang ating mahal na patron na si San Jose ay naligalig, nag-alala at natakot din. Dahil dito siya ay sinabihan ng anghel "*Jose, anak ni David, huwag kang matakot na tanggapin si Maria bilang iyong asawa*" (Mateo 1,20).

Ang salitang "*huwag kang matakot*" ay isinulat at binigkas sa Banal na Bibliya na tatlong daan at animnapu't apat na beses. Samakatuwid para bang araw-araw na tayo ay sinasabihan ng Diyos na "*huwag kang matakot.*"

Hindi po ba't noong nasa bangka ang mga alagad at sinasalpok ng malakas na alon, si Jesus ay biglang naroroon, dumaan sa kanila at nagwika, "*lakasan ang loob. Ako ito, huwag kayong matakot*" (Mateo 14,27). Nang si Jesus ay muling nabuhay at sa Kanyang unang pagpapakita sa mga alagad ang unang nawika ng Panginoong Jesus ay "*huwag kayong matakot.*" At Kanyang idinugtong "*sumainyo ang kapayapaan*" (Lukas 24,36). Bago Siya umakyat sa langit, sila ay inatasan ni Jesus ng ganito, "*huwag kayong matakot. Humayo kayo at sabihin sa aking mga kapatid napunta sa Galilea; doon nila ako makikita*" (Mateo 28,10).

Ang mga salitang "*huwag kang matakot*" ni Jesus ay pag-asa at patnubay. Ang mga ito ay salita ng katiyakan na walang kapahamakang magaganap at ang mararanasan nila ay kaligtasan.

Sa katauhan ng ating mahal na patron na si San Jose siya ay naniwala sa mga sinabi ng anghel. Siya ay nagtiwala sa Diyos. Siya ay nanalig sa mga balakin ng Diyos para sa kanya. Walang pagtatanong. Walang kondisyon si San Jose ay sumunod. Bakit po? Sapagkat hindi siya natakot.

At tayo rin po, mga minamahal kong mga kapatid kay Kristo, ay wala dapat ikatakot. Bakit po? Sapagkat tulad ni San Jose ay ating mababatid na dalawang bagay din ang gagawin sa atin ng Panginoong Diyos. Ano po ito?

Una, tayo ay sasamahan ng Diyos.
Ikalawa, tayo ay Kanyang susuportahan.

Una. Sa pagpunta nina Jose at Maria sa Bethlehem upang magpatala, sila ay sinamahan ng Diyos. Naging ligtas sila sa paglalakbay. Walang sagabal, walang panganib, walang masamang nangyari. Noong sila ay naglakbay patunong Ehipto (Mateo 2,13), hindi sila nahirapan. Kahit malayo at sila ay dayuhan sa ibang bansa, naroroon pa rin ang pagtanggap at maayos na pamumuhay. Sila ay sinamahan ng Diyos. Sinubaybayan ng Diyos at walang masamang nangyari o naranasan.

Mga kapatid, saan man tayo pumunta. O ano man ang ating gagawin tayo po ay sasamahan ng Diyos. Ano man ang i-aatang ng Diyos sa ating mga balikat, titiyakin ng Diyos na ito ay ating makakaya at magagawa. Ano man ang ipagagawa sa atin ng Diyos, sisiguraduhin Niya na ang lahat ng mga ito ay ating matatapos.

Balikan po natin sa ating mga alaala ng Ebanghelyo ni San Mateo, kabanata isa, talata dalawampu't latlo na tayo ay sinasabihang "*tatawagin nila siyang Emmanuel na ang ibig sabihin ay sumasaatin ang Diyos.*"

Sasamahan po tayo ng Diyos. Susubaybayan tayo ng Diyos. Mangyari pa, mga minamahal kong mga kapatid ko, wala po tayong dapat ikatakot. Amen po ba?

Panghuli. Hindi lamang po na kasama o kapiling natin ang Panginoong Diyos. Tayo po ay Kanyang dadamayan. Tayo ay Kanyang tutuwangan. Nariyan palagi para sa atin ang suporta ng Diyos.

Batid po natin na ang mahal na patron ay isang karpintero. Mahirap maging karpintero. Datapuwa't si San Jose ay hindi naghikahos. Hindi siya kinapos o nagkaroon ng matinding pangangailangan. Sinuportahan siya ng Diyos. At sila ay nakaraos.

At sa huling sandali ng kanyang buhay, si San Jose ay hindi naghirap. Hindi siya nagdusa sa banig ng karamdaman. Sinuportahan siyang Diyos. Ginabayan at inalalayan. At sa paglisan ni San Jose mula sa daigdig ay maayos at mapayapa. Sa kanyang huling hininga, huling nakita at huling salita ay sina: Jesus at Maria. Kasama niya ang Diyos at ang Ina ng Diyos. Kapiling niya ang Diyos. Sinuportahan si San Jose ng Diyos mula sa kanyang paglalakbay hanggang kamatayan.

Totoo po na sa daigdig na ito, mga minamahal kong mga kapatid kay Kristo, tayo ay sinusubukan at nabibigatan. Totoo po na tayo rin ay nagigipit at nangangailangan. Totoo po na tayo rin ay nahihirapan at nagkakaroon ng matinding karamdaman.

Subalit ang atin Panginoong Diyos ay hindi nagpapabaya. Hindi tayo Kanyang iiwanan. Ikaw at ako ay kanyang patuloy na sasamahan. Ikaw at ako ay Kanyang tiyak na susuportahan. Kasama Niya tayo, mga kapatid ko, ay makababangon. Tayo ay makakapagbagong —buhay. Tayo ay maliligtas.

Mangyari pa walang dapat ipangamba. Sapagkat tunay nga at tama lamang ang sinasabi ni Jesus sa atin, "**huwag kang matakot.**"

✠Ruperto Cruz Santos, DD
Bishop of Balanga and CBCP ECMI chair